





Mga Bagong Naagsipagtapos At Mga Bagong Empleyado



1 Katayuan Ng Pagtira O Bisang Taglay

Para po sa mga mag-uumpisa ng trabaho, siguraduhin po na ang inyong Bisang Taglay ay tugma sa mga gawain at uri ng inyong trabaho na itinalaga sa inyong bagong pagtatrabahuhan.



Bagama't kayo ay nagtapos sa isang Unibersidad sa Japan at maghahanap ng trabaho sa bansa, nararapat na pumunta sa ahensya ng Imigrasyon upang palitan ang status of residence sa tinatatawag na "Designated activities (Continued job hunting)"

Para po sa sanggunian: <https://www.moj.go.jp/isa/applications/status/designatedactivities14.html> (Hapon)

Ang Japan ay may dalawang uri ng insurance: Ito ay ang Employee's pension/health insurance at National pension/health insurance. Ang sinumang naninirahan dito sa Japan na may edad na 20 anyos o pataas ay kailangang kumuha ng pension plan. Sa karagdagan, ang sinumang naninirahan dito sa Japan na mahigit na sa tatlong buwan ay kakailanganin rin na kumuha ng health insurance policy.

Alamin kung anong uri ng insurance ang nararapat kunin ① Employee's pension/health insurance o ② National pension/health insurance.

Pensyon at Health Insurance

2

① Employee's pension/health insurance

Kung ikaw ay isang empleyado, ang iyong Employer ang kukuha ng Employee's Pension at health insurance para sa iyo at hindi mo kailangang mag proseso. Ang kalahati ng bayad sa insurance ay babawasan sa iyong sweldo kada buwan at ang kalahati naman ay babayaran ng kompanya sa inyong pangalan.

*Gayon pa man, dapat pong isaisip na hindi lahat ng Employer ay kailangang magbigay ng Employee Pension, kaya makabubuti po na alamin po natin itong mabuti.



② National pension/health insurance

Kung ikaw ay hindi naka enroll sa Employee's pension/health insurance, nararapat na ikaw mismo ang kumuha ng National pension/health insurance. Ito ay maaaring i-proseso sa munispyo ng iyong tinitirahang lugar. Matapos ang proseso, ikaw ay makakatanggap ng payment slip at maaaring bayaran sa convenience store o bangko.

Para po sa sanggunian: <https://www.nenkin.go.jp/international/index.html>


https://www.pref.hokkaido.lg.jp/hf/kki/hp_guidance.html

3 Paglipat

Kung ikaw ay lilipat sa loob nang iyong pangkasalukuyang lugar o purok/ward: Magbigay ng Abiso ng Pagpapalit ng Tirahan (tenkyo todoke) sa munispyo o ward office ng inyong bagong tirahan o address.



Kung ikaw ay lilisan o lilipat sa labas ng iyong pangkasalukuyang bayan/purok: Magbigay Abiso ng paglipat (tenshutsu todoke) sa inyong munispyo o ward office ng inyong lumang tirahan, at Abiso Ng Paglipat Sa Bagong Tirahan. (tennyu todoke) kasama ng Katibayan Ng Pag-alis (tenshutsu shomei sho) sa munispyo o ward office ng inyong bagong tirahan.



Ang post office ay mayroon ding handog na libreng serbisyo ng pagpapadala hanggang isang taon sa bago ninyong tirahan. Para magamit ang serbisyonang ito, magbigay lamang ng Abiso ng pagpapalit ng bagong tirahan sa post office ng inyong purok bago kayo lumipat.

Sa pag-uumpisa ng bagong trabaho, **siguraduhin na siyasating mabuti ang nilalaman ng inyong kontrata ng trabaho**, kung saan nakasulat ang impormasyon ukol sa oras ng inyong trabaho, sahod, oras ng pahinga, at iba pa., na puedeng sangguniin sa oras na magkaroon ng problema mula sa iyong Employer sa darating na panahon.

Kontrata Ng Trabaho

4

*Kung mayroon kang hindi maintindihan tungkol sa mga nilalaman ng kontrata ng trabaho, mangyaring komunsulta nang maaga sa kompanyang pagtatrabahuhan. magkonsulta sa iyong Employer hanggang maaga.

Para po sa sanggunian: https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/koyou_roudou/roudoukijun/foreign/index.html

Kami po ay sumusuporta at naghahangad ng inyong maayos na unang paghikbang patungo sa panibagong pamumuhay!

*Kung mangangailangan ng interpretasyon huwag pong mag-atubiling tumawag sa Hokkaido Foreign Support Center.